



## Aileen Maypa, Ph.D.

**Titulo:** Associate Professor at Tagapag-ugnay sa Pananaliksik

**Departamento:** Institusyon ng Agham na Pangkapaligiran at Pandagat (Institute of Environmental and Marine Sciences, IEMS)

**Institusyon:** Silliman University

**Bansa:** Pilipinas

**Email:** aileenmaypa@su.edu.ph

**Website:** <https://su.edu.ph/2049-dr-aileen-p-maypa/>Taon ng Paggawad: 2025

### **Pagpapabilis ng pag-recover ng mga coral reef sa pamamagitan ng mga toolkit sa pagpapanumbalik na batay sa agham at madaling magagamit ng mga komunidad sa Pilipinas**

Nagbibigay ang mga coral reef ng mahahalagang benepisyo sa mga komunidad sa tabing-dagat, kabilang ang proteksyon sa baybayin at pangingisda sa mga reef, at gumagawa ito ng tirahan para sa halos sangkapat ng lahat ng uri ng buhay sa dagat. Nasisira na ang mga ecosystem na ito sa Pilipinas, isang hot spot para sa biodiversity sa dagat, at ganoon din sa buong mundo. Naging popular sa mga nagdaang taon ang pagpapanumbalik ng reef, kung saan aktibong nakikibahagi ang mga tao sa muling pag-aayos ng mga reef habitat, bilang isang paraan para mapawi ang mga pagkasirang ito. Ngunit maraming kasalukuyang proyekto sa pagpapanumbalik ang hindi epektibo dahil sa mga kakulangan sa kaalaman at kawalan ng karanasan ng mga nagsasagawa nito.

Tutulong si Aileen Maypa na mapabilis ang pag-recover ng mga coral reef sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbuo ng mga protokol para sa epektibong pagpapanumbalik ng reef na batay sa agham at madaling magagamit ng komunidad. Makikipagtulungan siya sa mga siyentipiko sa pagpapanumbalik ng coral, praktisyoner, at ahensya ng pamahalaan para tipunin ang unang pambansang network sa Pilipinas na nakatuon sa pagpapanumbalik ng coral. Magtatatag siya at ang kaniyang team ng mga sentro sa pag-aaral sa mga rehiyon ng bansa sa hilaga (Luzon), gitna (Visayas), at timog (Mindanao). Makikipagtulungan din si Dr. Maypa sa mga lokal na komunidad para makabuo ng mga accessible na toolkit na nagdodokumento ng mga epektibong kasanayan para sa pagpapanumbalik ng coral at mag-ambag sa mga lokal at pambansang balangkas ng patakaran sa biodiversity, kabilang ang mga pambansang plano para sa pag-aalaga sa reef.